# Balitang Manmin

BILANG 108 MAYO 18, 2014




## Ang Pag-ibig na Naka-ukit sa Puso Ko

Pinipili ko ang daanang ito.
Hindi Ko naririnig ang sinasabi
ng mga tao tungkol sa Akin.
Pero naririnig Ko ang pag-iyak ng
kababaihan.
Napakalinaw.
Hindi Ko batid ang dahilan.

Ang kalungkutang nadarama
Ko ngayon
ay magiging kaluwalhatian.
Hindi masasayang ang mga luha nila.
Babayaran ito ng Ama.

Lumuluha sila dahil sa mahal nila Ako.
Ang kanilang lungkot, pag-iyak,
at paghihirap
ay dahil mahal nila Ako
Naka-ukit ito sa puso Ko.

Ang hagupit na tinanggap Ko
At ang mabigat na krus,
namanhid ang mga braso Ko...
Ipinapakita ng lahat ng ito
Lilisanin Ko na ang mundo.

Ama, O Aking Ama,
makakaya Kong tiisin ito.
Huwag Kang malungkot.
Huwag Kang magdusa.

Lilisan ang Iyong Anak
at makikita Ka.
Ito'y kaluwalhatian ng kaluwalhatian.

Kopya mula sa bagong libro ni Dr. Jaerock Lee – Pagtatapat

Ang pagtatapat ni Jesus habang paakyat Siya sa Golgota na nakapasan ang Kanyang krus, nasa isipan Niya ang Diyos at ang mga kaluluwa habang malupit Siyang hinahagupit

# "Ibinabalita ba ninyo ang pag-ibig ng Panginoon sa pamilya at mga kamag-anak ninyo?"

Magiging masigasig sa paghahatid ng mga kaluluwa patungo sa kaligtasan ang kahit na sinong makaalala ng tungkol sa pag-ibig ng Panginoon. Wala Siyang panghihinayang na nagsakripisyo ng buhay Niya sa krus para maligtas ang sangkatauhan. Nilikha ng Diyos ang tao at ibinigay ang bugtong na anak Niya sa mundo para sila ay iligtas at dalhin sa magandang Langit.

Ibibigay ng Diyos ang Banal na Espiritu sa kahit na sinong magtitiwala kay Jesu-Cristo, magwawaksi ng mga kasalanan at magsisisi ng lubos. Tutulungan Niya ang mga itong makapasok sa Bagong Jerusalem sa Langit kung magbubunga sa kanila ang Espiritu.

Hindi malilimutan ng Punong Pastor ng Manmin Central Church na si Dr. Jaerock Lee ang pagpapalang ibinigay sa kanya ng kapatid niyang babaing pangalawa sa panganay. Nag-ayuno, nanalangin, at ipinangaral sa kanya ng kapatid niyang si Punong Diakonesa Jungsoon Lee ang ebanghelyo habang pitong taon niyang pinagdurusahan ang maraming karamdaman. Salamat sa kanya, nakilala ni Dr. Lee ang buhay na Diyos at tumanggap siya ng kamangha-manghang pag-ibig at mga biyaya.

Nagbukas siya ng iglesya at pinatotohanan at ipinangaral niya ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at sa Tagapagligtas na si Jesu-Cristo sa pamamagitan ng mga sermon niyang 'The Message of the Cross,' 'Lectures on John,' at 'Lectures on Genesis' para mas makilala ng mga miyembro ang Panginoon at magkaroon sila ng tunay na pananampalataya. Nangaral din siya tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa mga krusada sa ibang bansa kung saan dumalo ang laksa-laksa hanggang milyong tao.

Nagsimula ng kampanya para sa pangangaral ng ebanghelyo ang Evangelism Committee ng Manmin Central Church (Tagapangulo: Pastor Mikyung Lee). Sinimulan ito noong Abril 2014 at nagpapatuloy sa loob ng 50 araw. Ito ay nakatuon sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay at pagpapasalamat sa pag-ibig ng Panginoon na naghirap sa krus, muling nabuhay, umakyat sa langit, at ngayon ay nananalangin at nag-aayuno para sa atin. Ipinapangaral ng mga miyembro ang ebanghelyo sa mga miyembro ng pamilya at mga kamag-anak nila. Dinadala nila ang mga ito sa kaligtasan, at ginagabayan sila para tamasahin ang kapangyarihan at pagpapala bilang mga anak ng Diyos.

Nagbigay ng patotoo si Elder Hangcheol Shin, pangulo ng sub-district para sa samahan ng mga kalalakihan. Tumanggap siya ng pagpapala dahil ipinangaral niya ang ebanghelyo sa mga tao. Sinabi niya, "Pinagpala ako dahil nalutas ang mga problema ko sa buhay at dahil ginagabayan ako ni Dr. Jaerock Lee. Gumaling ako mula sa gastroenteric touble, sociophobia, at pagiging lasenggo. Gusto kong ibahagi ang kaligayahan at kagalakan ko sa mga kapamilya at mga kapit-bahay ko. Sinisikap kong maging karapat-dapat tularan ang buhay ko. Dahil dito, nagkaroon din ng interes ang mga tao na makilala ang Panginoon. Nananatili akong puspos ng Espiritu dahil sa pagsisikap kong maghatid ng ebanghelyo. Nagkaroon ng kapayapaan ang pamilya ko, inaalagaan ng Diyos ang mga anak at ang negosyo ko."

Kadalasan, ipinapangaral ng mga miyembro ng Manmin ang ebanghelyo sa mga tahanan o kaya, nagpapamigay sila ng *Balitang Manmin*. Nagpapakape din sila at namimigay ng iba pang inuming pampalamig, may kasama pang Korean pancake. Ibinabahagi nila ang patotoo nila tungkol sa kapangyarihan at pag-ibig ng Panginoon habang bumibisita sila sa mga kamag-anak.

Inaasahang sa pamamagitan ng kampanyang ito mababahagian ng ebanghelyo ang mga pamilya ng mga miyembro ng iglesya at madala ang hindi mabilang na dukha at pinabayaang kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan, sa mga kasagutan, at mga biyaya.

### "Dinala ako sa iglesya ng kaibigan ko, ligtas na ako ngayon at umaapaw ang mga biyaya!"



Kapatid na Ratri Sepan (Chiang Rai, Manmin Church, Thailand)

Dahil bingi ako, palagi akong malungkot at nag-iisa. Parang walang kabuluhan ang buhay ko, kaya bumarkada ako at naglasing araw-araw. Bakla rin ako. Pero dinala ako sa Chiang Rai Manmin Church ng isang kaibigan at doon ko nakitang makasalanan ako at walang makakapagligtas sa akin kundi si Jesu-Cristo.

Pagkatapos kong tanggapin ang Panginoon, itinigil ko ang kabaklaan at pag-inom ng alak. Nagsimula akong manalangin at mangaral ng ebanghelyo. Mainitin ang ulo ko dati, pero naging mahinahon ako. Dahil nakita ng mga kaibigan ko ang pagbabago sa buhay ko, nagrehistro din sila sa iglesya at ngayon ay nagbagong buhay na rin. Mga miyembro na rin ng Chiang Rai Manmin Church ang siyam na kabarkada ko.

Dati, palaging masakit ang ulo ko dahil sa pag-inom ng alak, pero lubos akong gumaling magmula ng dumalo ako sa iglesya. Ipinapangaral ko din ang ebanghelyo, namamahagi ako ng Balitang Manmin, mga libro ni Dr. Jaerock Lee na Tasting Eternal Life before Death, at ng DVD na 'Power'. Habang ipinapangaral ko ang tungkol sa Panginoon, pinupuspos Niya ang puso ko ng kapayapaan at kagalakan.

Nagsisiskap ako ngayon na madala ang pamilya at mga kaibigan ko sa daan patungo sa kaligtasan. Maraming salamat Panginoon dahil iniligtas Mo ako.

# Ang Bunga ng Katuwiran ay Itinatanim sa Kapayapaan

"At ang bunga ng katuwiran ay itinatanim sa kapayapaan ng mga gumagawa ng kapayapaan" (Santiago 3:18).


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sinasabi ng Santiago 3:17-18, "Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay, sila'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay (o makatwiran), mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi, at hindi nagkukunwari. At ang bunga ng katuwiran ay itinatanim sa kapayapaan ng mga gumagawa ng kapayapaan" (Santiago 3:17-18, Magandang Balita Biblia).

Ang kapayapaang binabanggit sa talata 17 ay tumutukoy sa kapayapaan sa kapwa, at ang kapayapaan sa talata 18 ay tungkol sa kapayapaan sa Diyos. Ang ibig sabihin ng kapayapaan sa Diyos ay walang pader ng kasalanan sa pagitan natin at ng Diyos. Kung magbubunga tayo ng malinis na pamumuhay, magiging mapayapa, mahinahon, makatwiran, mahabagin, masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi at matatag, at hindi nagkukunwari, magiging mapagpayapa tayo. Kung anong inihahasik natin sa kapayapaan aanihin natin sa katuwiran. Pag-aralan natin kung paano mag-aani sa katuwiran sa pamamagitan ng pagtatanim sa kapayapaan.

## 1. Mga Mapagpayapa

Mas pinapahalagahan ng karamihan ang mapayapang relasyon sa kapwa, kaysa sa Diyos. Akala nila matalino sila dahil mapayapa ang buhay nila, pero sa totoo lang, nilalabag nila ang katotohanan at gumagawa sila ng kasalanan. Kung minsan, nagiging mahina sila kaya nilalabag nila ang Salita ng Diyos. Ang isang magandang halimbawa dito ay isang taong umaako ng obligasyon ng ibang tao o isang taong nagpapautang.

Sinasabi ng Mga Kawikaan 22:26, "Huwag kang maging isa sa kanila na nagbibigay-sangla, o sa kanila na nananagot sa mga utang." Sa Mga Taga-Roma 13:8, "Huwag kayong magkautang ng anuman sa kaninuman, kundi mag-ibigan sa isa't-isa..."

Pero kapag nangutang sa inyo ang malapit ninyong kaibigan o hiniling niyang managot kayo para sa negosyo niya, may mga nakakalimot sa inyo ng mga salitang ito. Masama ito, papahirapan lang ninyo ang sarili ninyo. Kung mahal ninyo siya, mas mabuting ibigay na lang ninyo sa kanya ang kailangan niya. Baka magkaroon pa kayo ng mga problema dahil sa pera at magkasamaan pa kayo ng loob. Nangyayari ito dahil mas inisip ninyo ang mapayapang relasyon sa kapwa kaysa sa Diyos.

Dapat din nating makita kung nakikibagay tayo sa mundo dahil makikinabang tayo o kung nakikipagkasundo tayo sa kapwa para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang Diyos ay niluwalhati ni Daniel at ng tatlong kaibigan niya dahil inuna nila ang Diyos sa halip na makipagkasundo sa tao. Nakasulat ito sa Daniel kabanata 3.

Isang araw, pagkatapos nilang mabihag sa Babilonia, binantaan ang tatlong kaibigan ni Daniel na itatapon sa naglalagablab na pugon kung hindi sila yuyukod sa diyus-diyosan na itinayo ni haring Nebukadnezar.

Pwede silang yumukod sa diyus-diyosan kahit isang beses lang para magkasundo sila ng hari. Pero malaking kasalanan ito at masisira nila ang kapayapaan sa harapan ng Diyos. Pinili nila ang kapayapaan sa Diyos kahit malagay sa panganib ang buhay nila.

Dahil dito, iniutos ng hari na itapon sila sa pugon na pitong beses na mas mainit kaysa sa dati. Pero ni hindi sila nasaktan; ni hindi nasunog kahit isang hibla ng buhok nila dahil inalagaan sila ng Diyos. Nang makita ng hari ang himalang ito, lubos niyang niluwalhati ang Diyos, itinaas niya ang tatlong lalaki.

## 2. Pagiging matuwid sa harapan ng Diyos

Sa pamantayan ng mundo, sinasabing mabuti ang isang tao kung hindi siya gumagawa ng mga krimen, kahit ang puso niya ay puno ng kasamaan tulad ng galit, poot, inggit, pakikipag-away, pagnanasa, at kasakiman. Pero sinasabi ng Diyos na makasalanan ang isang tao kung may kasalanan sa puso niya kahit hindi niya ito isinasagawa. Ipinaliwanag na, ang katuwiran ng Diyos ay iba sa katuwiran ng tao.

Sinasabi sa atin ng Biblia ang mga bagay na dapat nating gawin, hindi gawin, panatilihin at iwaksi. Kung susundin natin ang mga ito, magiging matuwid tayo sa harapan ng Diyos. Kapag ang katuwiran ng Diyos at ng tao ay magkaiba, sundin natin ang nararapat sa harapan ng Diyos.

May mga taong nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, pero nagpupunta sila sa mga manghuhula at ipinapalagay na hindi masamang yumukod sa mga diyus-diyosan dahil 'tradisyon' at 'kaugalian' lang naman ito ng mga ninuno nila. Sinasabi nilang kung hindi sila yuyukod sa mga diyus-diyosan, masasaktan ang damdamin ng mga kapamilyang hindi mananampalataya, mahihirapan silang ibahagi ang ebanghelyo sa mga ito. Pero sa espirituwal na diwa, ito ay pagsunod sa kaaway na diyablo at Satanas. Kung masisira ang kapayapaan sa Diyos, hindi Siya makakakilos, maaantala ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa pamilya.

Sinasabi ng Mga Kawikaan 16:7, "Kapag ang lakad ng tao sa PANGINOON ay kasiya-siya, kanyang pinagkakasundo maging ang mga kaaway niya." Naisulat, kung may kapayapaan tayo sa Diyos, magkakaroon din tayo ng kapayapaan sa kapwa. Kung sisirain natin ang kapayapaan natin sa Diyos para magkaroon ng kapayapaan sa kapwa, madaling mawawala ang kapayapaang ito, wala itong kabutihang idudulot sa atin. Huwag nating basta piliin ang nararapat sa mata ng Diyos, dapat din tayong humiling ng karunungan sa tamang pamamaraan. Pagkatapos, tatanggapin natin ang mga kasagutan at mga biyaya nang mas mabilis at magkakaroon tayo ng kapayapaan sa lahat ng tao.

Hindi lang sa pagitan natin at ng Diyos ang kapayapaan sa Kanya. May kinalaman din ito sa pagiging tapat sa buong sambahayan Niya. Ang kahulugan ng pagiging tapat sa buong sambahayan Niya ay tapat tayo sa lahat ng aspeto ng buhay natin. Ang mga tapat na taong tulad nito ay magkakaroon ng kapayapaan sa ibang tao sa pamamagitan ng paglilingkod, sakripisyo, pag-ibig, at kabutihang-loob. Kung mapayapa tayo sa Diyos sa mga bagay na ito, magiging matuwid tayo. Hindi tayo mahihiyang humarap sa Diyos, tatanggap tayo ng mga kasagutan sa kahit na anong hilingin natin, at mamumunga ang katuwiran natin kahit saan.

## 3. Kapag mayroon tayong kapayapaan sa Diyos, tatanggap tayo ng karunungan mula sa Kanya

Ang lahat ng tao ay naging likas na makasalanan at nawala ang kapayapaan sa Diyos na banal dahil kay Adan. Pero namatay sa krus ang walang bahid ng kasalanang si Jesus bilang kabayaran para sa ating mga kasalanan. Binuksan Niya ang daan para maging mga anak tayo ng Diyos at magkaroon ng kapayapaan sa Kanya sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Jesu-Cristo.

Sinasabi sa Mga Taga-Roma, "Kayat yamang tayo'y inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." Ngayon, kung hindi ito nagtatapos sa pagpapatawad ng ating mga kasalanan, ano ang kailangan nating gawin para magkaroon ng kapayapaan sa Diyos? Sa sandaling mapawalang sala tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, dapat tayong lumago para magkaroon ng tunay na pananampalataya na may kasamang mga gawa. Dapat nating iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan at hubugin sa puso natin ang katuwiran ng Diyos.

Kung mananatili tayo sa kasalanan, masisira ang kapayapaan natin sa Diyos. Isinakripisyo Niya ang bugtong na Anak Niya para sa atin para magkaroon Siya ng kapayapaan sa atin kaya huwag natin itong sirain. Dapat tayong magmadali sa pagwawaksi ng mga kasalanan at kasamaan. Kung gagawin natin ito, mas lalago ang kapayapaan natin sa Diyos at magiging malalim ang relasyon natin sa Kanya. Dapat tayong mapuspos ng bunga ng katuwiran.

Ang mga taong may kapayapaan sa Diyos ay magiging daan ng kapayapaan ng ibang tao sa Diyos. Tatanggap din sila ng mga biyaya. Dahil kay Moises, na matapang na humarap sa Diyos, lahat ng mga anak ni Israel ay napatawad at kinaawaan ng Diyos. Nagkasala ang mga mamamayan dahil nagreklamo sila laban sa Diyos at gumawa sila at sumamba sa gintong guya. Pagkatapos, idinalangin sila ni Moises para maligtas sila kahit magdala ito sa kanya sa impiyerno.

Ang mga taong may kapayapaan sa Diyos ay maaaring magbigay ng kaaliwan at kapayapaan sa maraming tao sa pamamagitan ng karunungang tatanggapin nila mula sa Diyos. Pwede rin nilang dalhin ang mga taong ito sa daan ng mga biyaya. Ang karunungan ng Diyos ay ang mismong Salita Niya na nakasulat sa Biblia. Darating sa atin ang karunungan ng Diyos kapag sinusunod natin ang mga utos Niya, iwinawaksi ang kasamaan, at tinatanggap ang gabay ng Banal na Espiritu sa puso nating banal at walang bahid ng kasamaan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa akong tatandaan ninyong magsulong ng malinis na pamumuhay, maging mapagpayapa, mahinahon, makatwiran, mahabagin at masipag sa paggawa ng mabuti. Maging matatag at walang pagtatangi, walang pagkukunwari, at may kapayapaan sa Diyos at sa tao. Nakasulat ito sa Santiago 3:17-18. Sa pangalan ng Panginoon, umaasa ako na magiging mapagpayapa kayo at mananahan sa kapayapaan at mga biyaya ng Diyos. Umaasa din ako na magbubunga kayo ng kabanalan para magliwanag kayo tulad ng araw sa kaharian ng langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Masaya ba ang Buhay Ninyo Bilang Cristiano? Tingnan Natin!



Mababasa sa Deuteronomio 10:13, "Na tuparin ang mga utos ng PANGINOON, at ang Kanyang mga tuntunin na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito para sa iyong ikabubuti." Gusto ng Diyos na maging masaya ang buhay bilang Cristiano ng mga minamahal na anak Niya. Masaya ba kayo? Tingnan natin ang dalawang klaseng buhay ng mga Cristiano.

## Aktibo ba kayo o hindi?

Madaling makita ang pagkakaiba ng aktibong Cristiano sa hindi. Kahit parang magkapareho sila kung titingnan, magkaibang-magkaiba ang kalooban nila at pag-iisip.

Ang hindi aktibong mananampalataya ay umaasa sa iba. Ginagawa lang nila kung anong sabihin ng lider nila. Kikilos lang sila kung may mamumuno o susuporta sa kanila. Mapupuspos sila ng Espiritu kung makakatanggap sila ng pagpapala. Nawawala din ang pagiging puspos nila.

Gawin nating halimbawa ang pananalangin. Ipagpalagay nating nananalangin ng sampung oras ang hindi aktibong mananampalataya pero napipilitan lang. Ang mabangong samyo ng panalangin niya ay kakaunti lang. Kung napipilitan lang kayong gumawa ng isang bagay, magsasawa at mapapagod agad kayo. Pero kung mananalangin ang isang aktibong mananampalataya nang maalab at masigasig at kusang-loob, kahit isang oras lang siyang manalangin, ang samyo ng panalangin niya ay napakabango.

Ang pagiging aktibo at paggawa ng isang bagay ng kusang-loob ay pagpapakita ng pagpapahalaga. Mayroong kasiyahan kapag natapos o nagawa ito.

Nagbigay ang Diyos ng mga utos sa minamahal Niyang mga anak para magkaroon sila ng malusog at pinagpalang mga buhay. Kaya kung susunod tayo dahil batid nating mahal tayo ng Diyos, magkakaroon tayo ng masayang buhay sa pagpapala ng Diyos. Kahit may mga paghihirap at problema ang mga taong tulad nito, nagpapasalamat sila ng taos-puso at umaasa sa magandang Langit. Dahil minamahal nila ang Diyos nang higit sa lahat, masaya sila.

Bakit may mga mananampalatayang 'walang pakialam' o hindi aktibo sa buhay nila bilang Cristiano? Ang dahilan nito ay sapagkat hindi pa nila nakikita o nararanasan ang tunay na kahulugan ng pananampalataya. Magiging aktibo at maalab ang buhay natin bilang Cristiano kung nauunawaan natin ang dahilan at layunin ng pagiging Cristiano natin. Magagalak na tayo sa pakikinig ng Salita ng Diyos at pananalangin. Kusang-loob na tayong dadalo sa mga pulong at magmamahal ng mga kapatid sa pananampalataya.

Sinasabi sa 1 Pedro 2:5, "Tulad ng mga batong buhay, hayaan ninyong kayo ay maitayo bilang espirituwal na bahay tungo sa banal na pagkapari, upang mag-alay ng mga espirituwal na handog na kasiya-siya sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo."

Siyempre, hindi lang tayo ang namamahala sa kalakasan ng buhay natin bilang Cristiano. Ito ang dahilan kung bakit ipinadala ng Diyos ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu bilang handog. Kung tatanggapin natin si Jesu-Cristo at pagsisisihan ng lubos ang ating mga kasalanan, papasok sa puso natin ang Espiritu at ituturo sa atin ang lahat ng bagay, ipapaalala at dadalhin Niya tayo sa katotohanan (Juan 14:26, 16:13).

Hangga't hindi lumalago ang pananampalataya natin, hindi tayo magiging aktibong Cristiano, kailangan natin ng tulong mula sa ibang Cristiano. Pero kung lumalago tayo, mahalagang manalangin at umasa tayo sa Espiritu, at pagsikapang makatanggap ng mga kasagutan mula sa Kanya.

## Pinapahalagahan ba ninyo ang layunin o ang prosesong pinagdadaanan para makamit ito?

Ang pagtatakda ng layunin o mga layunin ay napakahalaga para makamit ang pangarap. Pero, kung nakatuon lang tayo sa layunin at hindi papahalagahan ang prosesong dapat pagdaanan para makamit ito, hindi ito perpekto.

Ang proseso para makamit ang layunin ng pusong espirituwal ay pagkilala ng kalooban ng Diyos at pagkakaroon ng kagalakan at kapayapaan ng puso. Kung hahangarin ninyo at pagsisikapang makamit ito, mararanasan ninyo ang kagalakan at kasiyahan ng pagtuklas ng totoong katauhan ninyo at maiiwaksi ninyo ang mga masasamang bagay. Gayon pa man, kung layunin lang ang pinapahalagahan ninyo at ang magiging resulta nito, magkakaproblema kayo, mahihirapan kayong iwaksi ang masasamang bagay.

Kung tunay ang pananampalataya ninyo, hindi kayo malulungkot at masasaktan kung hindi pa ninyo nakakamit ang layunin ninyo. May kagalakan kayo dahil malaki ang pag-asa ninyong makakamit din ninyo ito. Suriin natin ang ating puso sa bawat hakbang patungo sa pagtupad ng layunin. Humakbang tayo nang may pananampalataya sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa araw-araw na buhay natin, kahit maliit na bagay lang ito.

Ang pagsasalita ng may pagmamahal, pananalangin, at pagbabasa ng Biblia kahit abala ay makakatulong sa espiritu ninyo, mas mabilis ninyong makakamit ang layunin ninyo. Ang buhay na may pagtitiwala ay katulad ng pagpapatatag ninyo ng kabanal-banalang pananampalataya (Judas 1:20).

Kung ang pinakalayunin ninyo ay ang makarating sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang lugar sa Langit, at kabanalan, na makapagbibigay ng nakakalugod na pananampalataya sa Diyos, magiging masaya ang buhay ninyo bilang isang Cristiano (Apocalipsis 21:2; 1 Mga Taga-Tesalonica 5:23). Mas pahahalagahan ninyo ang proseso ng bawat hakbang patungo sa layunin, hindi lang ang kahalagahan ng layunin mismo.

Inilalarawan ng mga talata mula sa Mateo 20:20 ang isang pangyayari kung saan hiniling ng ina nina Santiago at Juan kay Jesus na paupuin nito ang dalawang anak niya sa tabi nito, ang isa sa kanan at ang isa sa kaliwa. At sinabi ni Jesus, "Kaya ba ninyong inuman ang kopa na malapit ko nang inuman?" Noong panahong iyon, hindi pa nauunawaan ng mga alagad ang kahulugan ng 'inuman ang kopa' o kung gaanong biyaya ang ibibigay nito. Pero pagkatapos tanggapin ang Espiritu, natanto nila ang kahulugan. 'Uminom sa kopa ng pagdurusa ng Panginoon' ang karamihan sa kanila, at dahil dito, nagkaroon sila ng pagkakataong makibahagi sa kaluwalhatian Niya (Lucas 22:28-30).

Samakatwid, para makamit ang Bagong Jerusalem na puno ng kaluwalhatian ng Diyos, ipunin nating isa-isa ang mga bagay ayon sa hustisya ng Diyos. Kapag tatakbo tayo ng may kagalakan at kasiyahan patungo sa layunin ng may maliwanag na pag-asa, magiging banal at makakapasok tayo sa Bagong Jerusalem. Ito ang pinakadakila sa lahat ng mga layunin.

# “Natandaan ng Diyos ang maliliit ngunit mabubuting bagay na ginawa ko kaya pinagpala Niya ako”

Ang edukasyon ng maliliit na bata ay napakahalaga. Ayon sa isang salawikain, ‘Hindi namamatay ang mga bagay na nakaugalian’. Batid ito ng mga magulang ko kaya pinag-aral nila ako sa Manmin Kindergarten. Ang Manmin Kindergarten ay kaakibat ng Manmin Central Church at eksperto sila sa pagtuturo ng maliliit na bata. Ang eskwelahang ito ay nagtuturo sa mga bata ng mga katotohanan mula sa Biblia para lumaki at kumilos sila ng may pananampalataya.

Habang pumapasok ako sa Manmin Kindergarten sa loob ng apat na taon, lumaki akong nagagalak sa pagsamba sa Diyos, pananalangin, at pagpupuri.

## Ang pagmamahal sa puso ko para sa Panginoon ay lumalago dahil sa pagmamahal ng pastol

Kasundo ko ang mga kaibigan ko sa elementarya at magandang halimbawa ako sa iba kaya mahal na mahal ako ng mga titser ko. Pero noong nasa mas mataas na baitang na ako, nabawasan na ang oras ko sa pananalangin dahil sa pagbabarkada ko. Mas gusto kong kumanta ng mga sekyular na awitin kaysa sa mga awiting papuri. Nakahiligan ko ring mag-internet at manuod ng mga drama sa tv.

Pero nang ika-9 na baitang na ako, nanumbalik ang pananampalataya ko dahil sa pagdalo ko sa ‘mini crusade’ na pinamunuan ni Dr. Jaerock Lee. Dahil nabubuhay sa mundong puno ng kasalanan ang mga estudyante, sa krusadang ginagawa tuwing pagkatapos ng pagsamba sa Linggo ng gabi bawat linggo, nagpakita si Dr. Lee ng espesyal na interes sa kanila para mas mahalin nila ang Diyos, una sa lahat, at mabuhay nang may pag-asa para sa Langit.

Ang pangangaral niya ay ibinagay niya sa mga estudyante, pinakinggan niya ang mga problema at mga alalahanin namin. Nag-alok pa siyang tumulong sa mga bagay na kinakailangan namin sa pag-aaral tulad ng lapis at bolpen, at tinulungan din niya ang mga estudyanteng walang pambayad ng matrikula. Higit sa lahat, masugid niyang hiniling sa amin na huwag kaming magkasala dahil totoong mayroong Langit at Impiyerno. Hinimok niya kaming sabay-sabay na tumungo sa Bagong Jerusalem sa Langit.

Tinulungan kami ng maalab na pagmamahal ng pastol na lumayo sa mundo at punuin ang mga puso namin ng pag-ibig ng Panginoon. Nagsulong kami ng masigasig na buhay Cristiano at nag-aral kaming mabuti. Naantig ang damdamin ko ng pagmamahal ng pastol na lubos na nagmamalasakit sa kawan niya. Mas minahal ko pa ang Panginoon.



Si Hyejin Kim (estudyante ng seminaryo, 20 taong gulang, Misyon para sa mga Kabataan sa South Korea) at ang pamilya niya

## Ang matapang na pagsasabi ko ng katotohanan ay natandaan ng Diyos

Nangyari ito mga ilang araw bago magbakasyon ang mga eskwelahan, nasa ika-10 baitang ako noon. Pinagtaas ng kamay ng titser namin ang mga dumadalo sa simbahan. Nagtaas ako ng kamay. Pagkatapos, sinabi niya sa akin, “Hyejin, anong simbahan ang dinadaluhan mo?”

Sumagot ako, “Dumadalo ako sa Manmin Central Church.” Pagkatapos sinabi niya, “May mga tsismis tungkol sa simbahang iyon, kaya huwag kang dumalo doon.” Nasaktan ang damdamin ko dahil hindi nauunawaan ng titser ko ang iglesya ko at ang pastol. Hindi ko ito maunawaan dahil inihandog na ng Punong Pastor Dr. Lee ang sarili niya sa paggawa ng kabutihan, pagtulong sa mga mahihirap, at pagligtas ng mga kaluluwa. Pagkatapos ng klase nagpunta ako sa opisina ng titser, kasama ko si Kapatid na Jooyeon Choi, na dumadalo din sa iglesya. Kabilang siya sa grupong nagkaklase pagkatapos ng klase namin.

“Ma’am, nakapunta ka na ba sa iglesya namin? Nakita mo na ba ang aming Punong Pastor? Puti ba ang buhok niya o itim? Nakasalamin ba siya o hindi? Mahaba ba ang buhok niya o maiksi?”

Itinanong ko ito sa titser habang umiiyak. Hindi siya nakasagot, parang napahiya. Nagpatuloy ako, “Wala kang alam tungkol sa kanya, bakit ka nanghuhusga at nanghahatol? Cristiano ka rin. May sinabi ba sa Biblia na tama ang manghusga at manghatol ng ibang tao? Wala! Paano mo nasabi ang bagay na iyon?” Patuloy ang pag-iyak ko.

Sinabi niya, “Hindi iyon ang gusto kong sabihin...eh kasi...narinig ko iyon...” Hindi na niya alam kung anong gagawin niya, may gusto sana siyang sabihin. Pero dahil ayoko na itong marinig, sinabi ko na lang, “Babay!” at umalis na ako. Bumalik ako sa klase. Pagkalipas ng ilang araw, tinanggap ko ang ‘report card’ ng eskwela at nakasulat roon ang komento ng titser. Sinabi nito, ‘Matapang siya, nasasabi niya ng maayos at maganda ang opinyon niya.’ Marahil naawa siya sa akin dahil kadalasan nakikinig ako sa kanya nang mabuti, pero umiyak ako sa unang pagkakataon sa harapan niya. Ang okasyong ito ay isang magandang pagkakataon para palaguin ang pagmamahal ko para sa Diyos, sa Panginoon, at sa pastol.

## Ginabayan ako ng Diyos para maging pastor

Dahil sa pagpapala ng Diyos, hinirang ako bilang pastor noong unang semester ng ika-12 baitang. Nagsimula akong maghanda para maging pastor. Nagsikap akong magalak palagi, manalangin ng walang patid, at magpasalamat sa lahat ng bagay.

Maalab akong tumangis sa pananampalataya para maiwaksi ang mga kasalanang likas na kinapopootan ng Diyos tulad ng galit, poot, selos, inggit, sama ng loob, kabalisahan at kabiguan, pagsisinungaling, paghusga, pabagu-bago ng isip, pangangalunya sa isipan, makasariling motibo, kasakiman, at pagkanulo. Dahil dito, naging matibay ang pananampalatay ko, nakatayo na ako sa bato ng pananampalataya.

“Diyos ko! Tulungan Mo po ako! Gusto kong makamit ang mabuting kalooban ng Diyos at ng Panginoon. Tulungan po Ninyo ako.”

Nagagalit ako sa natitirang kasamaan ng puso ko. Gusto kong bayaran ang pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Kaya mas maalab akong nanalangin. Kung may maiisip akong makalamang mga bagay, pinapalitan ko ang mga ito ng saloobin ng kabutihan.

Maalab kong isinabuhay ang kabutihan, higit sa lahat gusto kong magkaroon ito ng mabangong samyo ng puso ko na inihahandog ko sa Diyos. Pinagpala ako ng Diyos ng mabilis na paglago sa loob ng tatlong buwan, nakamit ko ang pagiging espirituwal noong Marso taong 2014.

Sumusulong ako para maging pastor na may malalim na kabutihan at pag-ibig para sa Panginoon. Gusto kong makapagdala ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa kandungan ng Panginoon. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos na gumagabay sa aking mga daan sa pinagpalang paraan.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714